# SAAN MAKAKAKUHA NG IMPORMASYON AT SUPORTA UPANG MASIGURONG ANG pagsusugal ay mapanatiling kasiya-siya

## MAY IBANG MGA TANONG?

Para sa karagdagang kaalaman, bumisita sa GameSense.com, o, magsadya sa isang GameSense Info Centre na matatagpuan sa lahat ng BC casino at Community Gaming Center, o tumawag sa 1-866-815-0222 para sa karagdagang impormasyon. Sa anumang oras, tawagan ang Problem Gambling Help Line sa 1-888-795-6111 para sa libreng kompidensiyal na suporta.

**Humanap ng mga impormasyon, gamit kaalaman at suporta sa isang GameSense Info Centre.**

GameSense

bclc

# Ano ang GAMESENSE INFO CENTRE?

Matatagpuan sa mga casino at Community Gaming Centre sa buong BC, ang mga GameSense Info Centre ay mga pasilidad na nagbibigay ng iba't ibang kaalaman upang masiguro na ang pagsusugal ay isang kasiya-siya at abot-kayang libangan. Ang mga GameSense Info Centre ay nag-aalay ng maraming inter-aktibong pamamaraan sa pag-aaral upang matulungan kayong maintindihan kung paano gumagana ang pagsusugal, kabilang na ang mga patakaran ng magkakaibang laro, ang tsansa ng panalo at kung gaano kahalaga ang tsansa at hindi malamang o mahulaang resulta na malaking bahagi ng paglalaro.

Ang aming mga info centre ay pinamamahalaan ng mga GameSense Advisors na matulungin at may higit na kaalaman para masagot ang karamihan sa mga tanong ukol sa pagsusugal. Sila ay handa ring magbigay ng karagdagang tulong at suporta kung kinakailangan. Makakatulong kami sa inyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng:

- Mga payo upang mapanatili ninyong kasiya-siya ang pagsusugal
- Kaalaman sa tsansa ng panalo at talo
- Impormasyon kung paano nag-ooperate ang iba't ibang mga laro
- Impormasyon tungkol sa impluwensya ng tsansa sa resulta ng laro
- Paliwanag tungkol sa "house advantage," at kung paano ito nakakaapekto sa inaasahang panalo o talo.
- Pagtuligsa sa maraming kwento o kasabihan tungkol sa pagsusugal

GS-B09T



**Alamin ang mga palatandaan**
Ang mga sumusunod na palatandaan ay maaaring senyales ng isang problema. Kung mas maraming palatandaan ang ipinapakita ng isang tao, mas malaking posibilidad na siya ay may problema sa sugal.

- **Pagsusugal nang mas matagal at mahabang mga panahon**
- **Pagsisinungaling kung gaano kalakas o kadalas magsugal**
- **Hindi nakakapasok sa trabaho o paaralan para lang makapagsugal**
- **Pagpapabaya sa personal o pampamilyang responsibilidad para lang makapagsugal**
- **Ginagamit ang pagsusugal para makatakas o makaiwas**
- **Isinusugal ang perang dapat pambayad sa mga pangangailangan o bayarin.**
- **Paggugol ng mas maraming pera sa pagnanais na mabawi ang mga talo**

**Humanap ng Suporta**
May mga hakbang na puwede mong gawin kung ikaw o ang isang taong mahalaga sa iyo ay naghahangad ng karagdagang impormasyon o suporta. Ang libreng 24 oras na Problem Gambling Help Line na 1-888-795-6111 ay laging nakahanda para sa kompidensiyal na suporta at serbisyong referral. Ang aming GameSense Advisors ay makakatulong din upang gabayan kayo sa tamang direksiyon. Tawagan ang 1-866-815-0222 upang malaman kung kailan sila nasa GameSense Information Centre at handang maglingkod.

**Boluntaryong Self-Exclusion**
Kung minsan ang pakiramdam ng pagsusugal ay tila di na tunay na isang laro. Kung ganito ang nadarama mo o napapasobra na ang iyong pagsusugal, ang programang Boluntaryong Self-Exclusion (Voluntary Self-Exclusion) ay maaaring tama para sa iyo. Kung ikaw ay nagpalista sa programang ito, pwede kang mamili kung hanggang kailan ka hindi pwedeng pumasok at maglaro sa mga casino, mga bingo hall o maglaro on-line sa BCLC PlayNow.com ng anim na buwan, isang taon o tatlong taon. Makipag-usap sa isang GameSense Advisor o sinumang empleyado para sa karagdagang impormasyon.